



Mga Tip sa Pag-iwas sa Krimen/Kaligtasan para sa Iyong Negosyo

Kailan ka tatawag sa 911?

Kailan tatawag sa 911?

- Mga banta sa buhay, ari-arian, o pampublikong kaligtasan
- Mga insidenteng pang-emerhensya
- Mga emerhensyang medikal o sa pag-uugali
- Sa anumang oras na nagawa ang krimen o nangyayari ang krimen

Ano ang sasabihin sa 911?

- Tumawag mula sa isang ligtas na lokasyon. Kung hindi ka makakatawag, mag-text sa 911.
- Kung nagsasalita ka ng wikang bukod sa Ingles, mangyaring ulitin ang iyong wika o dyalekto sa tumatanggap ng tawag at maghintay hanggang sa sumali sa tawag ang interpreter.
- Huwag ibaba ang telepono hanggang sa sabihin sa iyo ng tumatanggap ng tawag.
- Ipaliwanag ang sitwasyon, okey lang na sabihin ang, "Hindi ko alam"
 - Nasaan ka? Pangalan ng kalye, kalapit na negosyo, o palatandaan.
 - Ilarawan ang suspect at biktima.
 - Mayroon bang sandata?

Ano ang gagawin kung may nakawan?

Sa mismong insidente:

- Huwag makipagtalos o lumaban – maaari kang mapahamak.
- Agad at lubusang sumunod – hindi malalaman ang susunod na gagawin ng mga kriminal at maaaring armado sila
- Bigyan ng pansin ang pisikal na kaanyuan ng tao, ang bilang ng mga tao at anumang sasakyan na kasangkot
- Agad na tumawag sa 911 sa oras na ligtas

Pagkatapos ng insidente:

- Huwag hawakan ang anumang bagay hanggang sa dumating ang pulis
- Isulat ang anumang bagay na maaari mong maalala tungkol sa insidente: paglalarawan sa mga tao, mga sasakyan na kasangkot at iba pang mga detalye.
- Agad na repasuhin at i-export ang ebidensyang video/larawan mula sa DVR o cloud. Siguraduhin na alam ng mga tauhan kung paano i-access ang video.
- Alertuhan ang mga kapitbahay nang sa gayon ay mabibigyan nila ng seguridad ang kanilang negosyo at maaabisuhan ang mga pulis kung may napansin silang anumang kahina-hinala.

Mga kokontakin na hindi pang-emerhensya

Kumonekta sa mga sanggunian para sa kaligtasan ng komunidad sa kapitbahayan ng CID:

- **Monica Ly**, Liaison ng Seattle Police Dept. C-ID | 206-369-0489
- **Barbara Biondo**, Seattle Police Dept. West Precinct Crime Prevention (Presinto sa Pag-iwas sa Krimen) | 206-233-0015

Makipag-ugnayan sa SPD Crime Prevention para mag-iskedyul ng libreng pagsusuri sa seguridad para sa mga praktikal na ideya hinggil sa pag-iwas sa panloob/pagnanakaw at kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan na akma sa iyong negosyo at lokasyon: Barbara.biondo@seattle.gov o 206.233.0015.

Mga Tip sa Kaligtasan ng Negosyo: Sa labasan

Maraming pagbabago sa labasan kabilang ang pag-iilaw, pagpipintura, o mga camera ang nangangailangan ng Certificate of Approval (Sertipiko ng Pag-apruba) bago ka gumawa ng mga pagbabago. Makipag-ugnayan sa ISRD Coordinator ng Seattle Dept. of Neighborhoods sa 206-684-0226.

Magpanatili malinaw na matatanawan sa iyong negosyo mula sa kalye. Ang walang hadlang na tanawin sa iyong negosyo ay nagpapahintulot sa mga tao at dumadaang nagpapatrolyang pulis na makitang ligtas ito.

- Buksan ang mga matatanawan papasok at palabas ng iyong negosyo sa pamamagitan ng pag-alis ng mga board, poster at-blinds, sanga ng puno, o nagkumpol na mga dahon na humaharang sa mga bintana ng iyong tindahan.
- I-display ang pangalan at address ng kalye ng iyong negosyo upang malinaw itong makita mula sa kalye sa araw at sa gabi. Magpaskil ng impormasyong kokontakin sa panahon ng emerhensya sa harap at likod ng pasukan.
- Mag-sign up para sa Seattle Police Criminal Trespass Program at ipaskil nang kitang-kita ang mga karatulang Conditions of Entry (COE, Mga Kondisyon sa Pagpasok) sa lahat ng pasukan ng pedestriyan at sasakyan.

Regular na pangangalaga at pagpapanatili ng ari-arian ay nagpapahiwatig ng isang mapag-anyaya at ligtas na kapaligiran.

- Agad na alisin ang graffiti, gamit ang mga naaangkop na pamamaraan.
- Kumpunihin ang mga sirang pinto o bintana at alisin ang mga naluma at kupas nang mga poster at display.
- Palitan ang mga pundidong ilaw at nasirang karatula.
- Linisin ang kalat, walisin ang mga dahon at panatilihing malinis ang mga nilalakaran at bangketa sa paligid ng iyong negosyo.
- Isara ang mga lalagyan ng basura at inire-recycle na basura, o itabi sa loob ng negosyo o sa isang nakasaradong looban.

Paigtingin ang mga tampok na panseguridad na nakakatulong sa pagpigil ng panloob, bandalismo, at iba pang hindi kanais-nais na aktibidad.

- Gumamit ng mga security grade na lock na may mga latch guard para matakpan ang mga puwang na maaaring gamitin para tangkaing buksan ang mga pinto.
- Maglagay ng security film sa mga bintana sa harap ng tindahan para mabawasan ang mga tsansang malooban.
- Siguraduhing naka-lock ang mga nabubuksang bintana kapag isinasara mo ang iyong negosyo.
- Tuklasin ang paglalagay ng pasukan na may pangkomersyo at security grade na "scissor" gate o gate na hinihilang pababa ngunit pinahihintulutan kang makita ang looban.
- Limitahan ang access sa mga lugar na hindi nasusubaybayan tulad ng mga hagdanan, mga lugar na sakayan, bubungan, utilidad, o access sa HVAC (tingnan ang fire code at mga utilidad bago limitahan ang access)

Pamahalaan ang pag-access at subaybayan ang mga parking lot ng sasakyan upang mapigilan ang kriminal at iba pang hindi kanais-nais na aktibidad.

- Magpaskil ng karatula sa pasukan ng parking na may impormasyon tungkol sa kung sino ang maaaring gumamit ng mga parking lot, mga oras ng paggamit at anumang iba pang mga limitasyong ipinapaliwanagg sa paraang malinaw at may naaayon sa kultura.

- Subaybayan ang aktibidad sa paligid ng iyong negosyo sa pamamagitan ng madalas ng pagtingin, paglalakad sa iyong negosyo kabilang ang mga pasukan ng eskinita at mga lugar ng parking. Tugunan ang mga isyu bago pa maging problema ang mga ito.
- Isara ang access sa mga parking lot pagkatapos ng mga oras ng negosyo.

Ang pag-iilaw ang nangungunang pampigil sa krimen sa mga oras ng gabi.

- Siguraduhing naiilawan nang mabuti ang lahat ng pasukan ng gusali at na nakadirekta ang ilaw sa pintuan.
- Magdagdag ng ilaw sa ilalim ng mga tolda at sa palibot ng gusali, kabilang ang mga parking lot, labasan sa likuran, lugar na imbakan ng basura at pasukang naka-recess na alkoba.
- Ilawan ang lahat ng parking lot, kabilang ang mga paradahan sa labasan at sa ilalim ng lupa. Siguraduhing ang taas ng ilaw sa labasan at anggulo ay idinidirekta ang ilaw sa lupa nang sa gayon ay hindi nito direktang naiilawan ang iyong mga mata. Magpanatili ng mababang lebel ng pag-iilaw sa looban ng gusali pagkatapos isara ang negosyo upang mapahintulutan ang mga tao – kabilang ang mga dumadaang patrolya ng pulis – na makitang ligtas ang negosyo.

Mga Tip sa Kaligtasan ng Negosyo: Sa looban

- Batiin ang mga customer, bantayan ang ginagawa upang maipahiwatig sa mga potensyal na mang-uumit (shoplifter) na sila ay sinusubaybayan.
- Limitahan ang mga mapapasukan sa iyong negosyo upang masubaybayan ng mga tauhan ang pasukan/labasan. Gumamit ng mga door chime upang maalertuhan ka kapag pumapasok at lumalabas ang mga tao. I-lock ang mga pinto kapag hindi bukas ang tindahan o kapag nagre-restock.
- Ilagay ang Point-of-Sale (lugar kung saan nagbabayad) nang malapit sa pasukan, na malinaw na nakikita mula sa labas.
- Magtabi ng maliliit na halaga ng cash – alisin ang laban ng kaha sa gabi. Magpaskil ng mga karatulang nagsasabing wala o mababang access sa cash. Pag-iba-ibahin ang mga oras at ruta kapag nagdedeposito sa bangko.
- Itabi ang mga iPad at iba pang mga mamahaling paninda na lugar na hindi maaabot ng mga customer.
- Ilagay ang mga tip jar sa counter at madalas na alisin ang laman nito.
- Panatilihing mababa ang mga istante para maobserbahan mo ang lahat ng lugar sa iyong tindahan. Gumamit ng mga salamin at camera para makuhanan ang mga hindi nakikitang lugar.
- Maglagay ng mga height marker sa lahat ng labasan.
- Ilagay sa ibang lugar, i-lock, limitahan ang dami ng mga panindang mamahalin o madalas na ninanakaw.

Mga security camera:

Pinakamabisa ang mga security camera at CCTV kapag ginagamit kasama ang ibang mgaistratehiya sa pag-iwas/pagpigil ng krimen tulad ng pag-iilaw, pagkontrol ng access at maasikasong serbisyo sa customer.

- Ang matataas na kalidad na larawan sa video ay makakatulong sa mga pag-iimbestiga ng tagapagpatupad ng batas. Pinakamainam, ang mga camera ay mayroong minimum na 4MP (1440P) na resolution at nakukuhanan ang buong kapaligiran ng tindahan at mga lugar ng parking. Suriin ang mga camera para sa pagkuha nito, kung mayroong maraming nagkakapatung-patong na kuha, inaaksaya mo ang potensyal na makuhanan ang mas malaking lugar sa palibot ng iyong negosyo.
- Mainam nang nakukunanan ng mga panloob na camera ang mga lokasyon ng Point-of-Sale (lugar kung saan nagbabayad) at ang lugar kung saan nakalagay ang mga ibinebenta na may nakatuong pagkuha sa mga bulnerableng lokasyon at kung saan naka-display ang alkohol at mamahaling paninda.
- Inilalagay ang mga camera para magkaroon ng malinaw na tanawin at naka-anggulo ang mga ito upang makunang ang mga mukha sa pagpasok at paglabas.

- Inirerekomenda ang vandal proof housing para sa mga camera sa mga bulnerableng lokasyon.
- Isaalang-alang ang mga monitor na nagpapakita ng live view ng security camera system kung saan maobserbahan ito ng mga empleyado habang may iba pang mga ginagawa.

Ihanda ang iyong pangkat: Ang iyong mga tauhan ay ang pinakamahalaga mong asset. Gumawa ng mga hakbang para maprotektahan sila at ang iyong negosyo.

- Gumawa ng planong aksyon at ihanda/sanayin ang iyong team sa pagtugon nang ligtas sa mga sitwasyong maaaring kaharapin nila sa trabaho, mula sa mga galit na customer, at mang-uumit (shoplifter) hanggang sa pagnanakaw (robbery) o potensyal na mapanganib na sitwasyon na nagmumula sa labasan ng iyong negosyo.
- Maging mapagmasid at agad na iulat ang mga krimen at kahina-hinalang pag-uugali sa 911.

Tandaan na mas mahalaga ang buhay kaysa ari-arian. Siguraduhing alam ng bawat isa ang mahahalagang impormasyon gaya ng kung paano mag-lock down o lisanin ang gusali sa isang emerhensya.

Makipagtulungan sa iyong mga kapitbahay:

- Kilalanin ang mga kapitbahay na nakatira o nagtatrabaho nang malapit sa iyong negosyo
- Magbahagi ng impormasyon sa isa't isa tungkol sa mga isyu ng krimen at kaligtasan
- Alagaan ang isa't isa. Mag-ulat kung nakakasaksi ka ng kriminal o kahina-hinalang aktibidad sa iyong block at hilingin sa iyong mga kapitbahay na gawin din ito.